6

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

## Baitang – 6 FILIPINO Aralin 2


**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Ruth A. Datahan |
| **Illustrator:** | Ruth A. Datahan |
| **Layout Artist:** | Mr. Valentin C. Sagun, Jr. |
| **Content Editor:** | Dr. Robert B. Lacayanga |
| **Language Editor:** | Mr. Werlito C. Batinga |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Romela M. Cruz, SDS SDO-Mandaluyong City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dr. Alyn G. Mendoza, CID Chief SDO-Mandaluyong City<br>Dr. Ma. Gloria G. Tamayo EPS, FILIPINO - NCR<br>Mr. Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Mr. Werlito C. Batinga SDO EPS, Filipino MTB-MLE – Mandaluyong City<br>Dr. Ruby E. Baniqued, LR EPS SDO-Mandaluyong City<br>Ms. Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Ms. Dorothy Grace I. Reyes, PDOII SDO-Mandaluyong City<br>Mr. Calixto N. Camangeg, Librarian II SDO-Mandaluyong |



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)**

**ARALIN 2:** NAKAPAGBIBIGAY NG LAGOM O BUOD NG TEKSTONG NAPAKINGGAN
NAIISA-ISA ANG MGA ARGUMENTO SA BINASANG TEKSTO

## INAASAHAN

1. Naibibigay ang lagom o buod ng tekstong napakinggan **F6PN-IIIe19**
2. Natutukoy ang mga argumento sa binasang teksto **F6PB-IIIe-23**
3. Nakabubuod batay sa ibinigay na paksa

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto:** Isulat sa patlang ang **Alam ko!** o **Aalamin ko pa lang!** ayon sa iyong pag-unawa sa sumusunod na impormasyon.

_______ 1. Ang pagbubuod o lagom ay isang siksik at pinaikling bersiyon ng teksto.

_______ 2. Mahalaga ang pagtutok sa lohikal at kronolohikal na daloy ng mga ideya ng binuod na teksto.

_______3. Ang isinasama lamang sa isang buod ay ang mga pangunahing tauhan, ang mga mahahalagang pangyayari, at ang kinahinatnan nito.

_______4. Gamitin ang sariling pangungusap sa paggawa ng buod upang ito ay maging mas payak at agad mauunawaan.

_______5. Sa pagbibigay ng buod ng isang kuwento, salaysay, o talata mahalagang makabuo muna ng balangkas na maaaring nasa ating isipan lamang o kaya ay maari rin namang isulat.

## BALIK-TANAW

**Panuto:** Pag-aralan ang puzzle. Hanapin at isulat sa sagutang papel ang mga makabuluhang salita na iyong makikita.

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| L | P | A | G | B | U | B | U | O | D |
| B | A | L | A | N | G | K | A | S | S |
| A | T | W | T | L | O | H | I | K | M |
| D | E | M | T | A | M | E | Q | Z | L |
| E | K | Q | M | G | Z | G | P | G | D |
| H | S | P | A | O | X | K | W | R | B |
| K | T | R | L | M | N | Y | T | K | E |
| C | O | L | O | H | I | K | A | L | R |

## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Mahilig ka ba sa kuwento? Ano-anong *genre* ang hilig mo? Kuwentong bayan ba, nobela, alamat o iba pa? Ibinahagi mo ba sa iyong kaibigan ang mga nabasang kuwento? Ano-anong mga hakbang ang isinaalang-alang? Ano ang iyong unawa sa salitang argumento?

Ang **pagbubuod o lagom** ay isang siksik at pinaikling bersiyon ng teksto.

Ating tandaan, sa pagbibigay ng buod ng isang kuwento, salaysay, o talata mahalagang tukuyin o alamin ang pinakamahalagang ideya at sumusuportang ideya o datos. Mahalaga ang pagtutok sa lohikal at kronolohikal na daloy ng mga ideya ng binuod na teksto.

Ang **tekstong argumentatibo** ay isang uri ng teksto na ang pangunahing layunin ay makapaglalahad ng katuwiran. Ilan sa mga matibay na ebidensya na maaaring gamitin ng manunulat ang sariling karanasan, kasaysayan, kaugnay na mga literature at resulta ng pananaliksik.

***Pag-aralan ang sumusunod na argumentong teksto.***

**LIGTAS BA ANG BAKUNA LABAN SA COVID-19**

**ni Benny Antiporda**

Kabilang sa mga pinakamahalagang usapin sa bakuna sa COVID-19 ang kung epektibo at ligtas ba gamitin.

Ngayon, napakahalagang isipin na bago ang lahat ng bakuna at kinakailangan ang mahabang panahon bago masabi talaga kung mabisa at ligtas ang mga ito at pwedeng gamitin ng lahat ng tao sa lahat ng oras.

Bilang pruweba, mga Bro, sa puntong ito, hindi kaila sa atin ang nangyari sa bakuna ng dengue na Dengvaxia.

Bago nagbakuna ang gobyernong Benigno Aquino III noong unang linggo ng Abril 2016, sinabi ng Sanofi Pasteur na tapos na ang clinical trial sa Dengvaxia sa 10 bansa at sinabing epektibo na, ligtas pa sa panganib ang sinomang matuturukan nito.

Hayun na nga at naging paspasan ang pagbabakuna na umabot sa mahigit 800,000, higit karamihan ay bata sa mga public school mula edad 9.

Dumating ang Disyembre 2017 o anim na buwan makaraang maluklok si Pangulong Rodrigo Duterte sa Malakanyang, umamin na ang Sanofi Pasteur na delikado pala sa sinomang hindi pa nagkaka-dengue ang nasabing bakuna.

Ngayon nga ay sinasabi ng Public Attorney's Office na pinamumunuan ni Atty. Persida Acosta na nasa 600 na ang namatay sa Dengvaxia at nasa 150 biktima na ang ginawan ng kaso laban sa grupo ni dating Secretary of Health at ngayo'y Congresswoman Janette Garin ng iba't ibang kaso gaya ng homicide at paglabag sa anti-torture law.

Apektado umano ang 10 porsyento ng mga naturukan at matatapos ang obserbasyon dito sa taong 2022.

Wala kayang magiging Dengvaxia sa mga bakuna sa COVID-19 ngayon?

**Panuto**: Basahin at unawain ang kuwentong "Sino ang Gumawa ng Takdang

**Sino ang Gumawa ng Takdang Aralin ni Venise**
ni: Ruth A. Datahan
Hulo Integrated School

"Venise gagawin mo ang takdang-aralin mo o wala kang matutuhan." ang sabi ng guro kay Venise. Kahit kailan kasi hindi niya ginawa ang kanyang mga takdang-aralin. "Nakapapagod", sambit nito. Gusto lamang niyang maglaro ng Chinese garter.

Isang araw, ang kanyang alagang pusa ay nakipaglaro sa isang manika. Sa kanyang pagkabigla hindi ito isang ordinaryong manika dahil ito ay nagsasalitang manika. "Saklolo! Saklolo! Tulungan ninyo ako. Saklolo! Huwag mo akong ibalik sa pusa. Tutuparin ko ang hiling mo, Pangako" ang sigaw ng manika. Hindi makapaniwala si Venise sa nangyari. Ito na ang sagot sa kanyang problema. "Gawin mo lahat ang aking takdang-aralin hanggang matapos ang taon na ito. Kapag nagawa mong maayos ang pinapagawa ko, makakakuha ako ng mataas na marka at hindi na ako mapagagalitan ng aking guro". Biglang kumulubot na hawig ng gusot na papel na tinapon sa basurahan ang mukha ng manika.

Sinipa niya ang kanyang paa, nakatikom ang mga kamao, napangiwi at kumunot ang noo at sabay sambit "Hay, sinumpa ba ako! ngunit sige gagawin ko ang gusto mo." At gaya ng sinabi niya sinimulan ng manika ang paggawa ng mga takdang-aralin ni Venise. Ngunit, hindi alam ng manika ang dapat niyang gawin kailangan pa rin niya ang tulong. "Tulong! Tulong! Tulungan mo ako!" Kailangan ni Venise na tumulong sa anumang paraan.

"Hindi ko alam ang mga salitang ito", sigaw ng manika. Habang binabasa niya ang takdang-aralin ni Venise. "Kumuha ka ng diksiyonaryo. Hindi, ano ang mas maganda? Tingnan mo ang mga salita at bigkasin mong isa-isa ang mga letra." Sa asignaturang Matematika, minalas si Venise. "Ano ang *times table*?" napatili ang manika. "Kaming mga manika hindi namin kailangan ang mga yan" Ang adisyon, subtraksiyon at dibisyon at kahit ang praksyon. Halika dito, umupo ka dito sa tabi ko at tulungan mo ako". Walang alam ang mga manika tungkol sa mga tao, para sa kanila ito ay isang milagro. Kaya ang maliit na manika, taga sigaw na ngayon, palakas nang palakas ang sigaw nito. "Pumunta ka sa silid-aklatan, kailangan ko ang maraming aklat at tulungan mo rin akong magbasa." Samakatuwid, naging bungangera ang manika, kaya pinagbutihan pa lalo ni Venise ang kanyang ginagawa. Pinagpupuyatan niya ang mga ito, hindi siya nakaramdam ng pagod. Namumugto ang kanyang mga mata sa tuwing pumapasok sa paaralan.

Sa wakas, huling araw na ng pasukan at maaari ng umalis ang manika. Wala ng takdang-aralin, tahimik siyang nagpadulas sa likod ng pintuan. Nakakuha ng mataas na marka si Venise, namangha ang kanyang mga kaklase, napangiti at puring-puri siya ng kanyang guro at kanyang mga magulang. Nagtaka sila kung ano ang nangyari kay Venise. Siya na ngayon ay isang modelong bata. Naglilinis sa kanilang silid-aralan, ginagawa ang kanyang mga gawain, masiglang bata, hindi nang-aaway. Biglang nabago ang kanyang masamang pag-uugali. Ang dating palaging umaasa at may di kanais-nais na pag-uugali ngayon ay isang maamong tupa.

Sa huli inisip ni Venise na ang manika ang gumagawa ng kanyang mga takdang-aralin. Ngunit, ibabahagi ko sa inyo ang sekreto, ikaw at ako. Hindi ang manika ang gumawa, Si Venise ang nagsumikap gawin ang mga iyon.

## GAWAIN 1

**Panuto**: Gamit ang sariling pananalita, isulat sa limang pangungusap ang lagom o buod ng teksto. Gawing gabay ang mga katanungan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Sino ang talagang gumawa ng takdang –aralin ni Venise?
2. Ano ang mangyayari kay Venise pagkatapos ng semestral?
3. Paano nakuha ni Venise ang mataas na marka?
4. Ilarawan ang naging epekto ng manika kay Venise?
5. Ano ang gustong ipahatid ng may-akda sa mga mambabasa?

**Panuto**: Basahin at isapuso ang susunod na kuwento.

**DAKILANG PAGMAMAHAL NGA BA?**

ni: Ruth A. Datahan
Hulo Integrated School

Isang drayber si Mang George, isang haligi ng pamilya. Ginugol niya ang kaniyang oras sa pagtatrabaho, na kahit ang pag-aalmusal kasama ang kaniyang mag-ina ay hindi na niya magawa. Sa gabi, nag-aaral si Mang George, gusto niyang makapagtapos para makahanap ng trabaho na may magandang sahod.

Palaging nagrereklamo ang pamilya ni Mang George sa kanya dahil wala na itong oras para sa kanila, “Ginagawa kong lahat para sa inyo, nagsusumikap ako para sa pamilya natin” ito ang tanging sagot ni Mang George. Hindi naglaon, pagkatapos pumasa ni Mang George sa eksam,

nakahanap siya ng magandang trabaho na ang sahod ay mas mataas kaysa sa unang niyang hanapbuhay.

Naibibigay na ni Mang George ang pangangailangan ng kaniyang pamilya, mamahaling kasuotan, magagarang kagamitan at kahit ang pagbakasyon sa ibang bansa ay nagagawa na nila. Parang isang panaginip na nagkakatotoo, ngunit ang mag-ina ay hindi pa rin makakuha ng atensyon mula kay Mang George, patuloy siyang nagtatrabaho araw man o gabi at kadalasan hindi niya palaging nakikita ang kanyang mag-ina sa loob ng isang linggo.

Lumipas ang ilang taon, ang pagsisikap ni Mang George ay nabayaran ng promosyon. Nakapagdesisyon siyang pagpahingahin na ang kaniyang asawa mula sa mga gawaing bahay kaya humanap siya ng katulong. Nakapagdesisyon din siya na kailangan nila nang mas malaking bahay dahil ang kasalukuyang tinitirhan nila ay masikip para sa kaniyang pamilya. Kaya kailangan pa niyang magtrabaho para sa pinapangarap na bahay. Ipinagpatuloy rin niya ang kanyang pag-aaral, para sa muling promosyon. Dinagdagan lalo ni Mang George ang kaniyang pagsisikap sa pagtatrabaho, na minsan kahit sa araw ng Linggo, Sa halip na asawa at mga anak ang kanyang kasama iginugugol na rin niya sa kanyang kliyente. At muli, sa tuwing tinatanong siya ng kaniyang pamilya sa oras at panahon para sa kanila ang tanging sagot na lamang niya ay “Para sa inyo lahat ng ginagawa ko”. Sa muling pagkakataon, naitaas na naman ni Mang George ang kaniyang ranggo. Nakabili na siya ng maganda at malaking bahay na may magagandang tanawin.

Sa unang Linggo nang gabi sa kanilang bagong bahay, sinabi ni Mang George sa kaniyang asawa at mga anak na ititigil na niya ang kanyang pag-aaral at babawasan na ang kanyang oras sa pagtatrabaho para maglaan ng oras at panahon para sa kanyang minamahal na pamilya. Sumunod na araw, hindi na nagising si Mang George.

## GAWAIN 2

**Panuto:** Bumuo ng argumento kung dakila nga ba ang pagmamahal ni Mang George sa kaniyang pamilya. Magbigay-patunay sa iyong argumento.

______________________________________________

**Pamagat ng Argumento**

Mga Patunay;

______________________________________________

______________________________________________

## TANDAAN

Ang **pagbubuod o lagom** ay isang siksik at pinaikling bersiyon ng teksto. Pinipili rito ang pinakamahalagang ideya at sumusuportang ideya o datos. Mahalaga ang pagtutok sa lohikal at kronolohikal na daloy ng mga ideya ng binuod na teksto. Ang isinasama lamang sa isang buod ay ang mga pangunahing tauhan, ang mga mahahalagang pangyayari, at ang kinahinatnan nito. Sikaping gamitin ang sariling pangungusap sa paggawa ng buod upang ito ay maging mas payak at agad mauunawaan.

Ang **argumento** ay elemento ng pangangatuwiran. Ito ay pagpapahayag ng mga dahilan at ebidensya upang maipatanggol ang katuwiran ng isang panig. Ang nangangatuwiran ay kailangang may sapat na kaalaman sa proposisyon upang makapaglahad ng mahusay na argumento.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Panuto:** Isulat sa loob ng puso ang iyong mahahalagang natutuhan sa aralin na ito.

**Ang Aking Natutuhan**

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto:** Balikan sa kuwentong "Dakilang Pagmamahal Nga Ba". Sagutan ang sumusunod na mga tanong.

1. Ano ang paksa sa tekstong binasa?
   A. ang pagiging masipag ni Mang George
   B. ang pamilya ni Mang George
   C. ang kawalan ng oras ni Mang George sa kanyang pamilya
   D. ang pagkakaroon ng malaking bahay ni Mang George

2. Ano ang binigyan ng malaking oras ni Mang George?
   A. mga anak
   B. asawa
   C. ang kanyang mag-ina
   D. ang kanyang pag-aaral at paghahanap-buhay

3. Ano ang naramdaman ng mag-ina ni Mang George sa kanyang pagkamatay?
   A. Manghihinayang
   B. Matutuwa
   C. Maiinis dahil sinungaling s'ya
   D. Malulungkot sa nangyari sa kanya

4. Ano ang layunin ng may-akda sa pagsulat niya ng seleksyong ito?
   A. Pahalagahan ang pagsisikap ng haligi ng pamilya.
   B. Magtanim ng sama ng loob sa ama na kulang ang oras sa pamilya.
   C. Unawain at mahalin ang ama kahit sa kanyang pagkukulang.
   D. Suportahan ang ama sa kanyang ginagawa.

5. Ano ang maging buod ng tekstong binasa?
   A. Hindi binigyan ni Mang George nang oras at panahon ang kanyang mag-ina kaya lumayas ang mga ito.
   B. Nagsumikap sa buhay at nag-aral nang mabuti si Mang George para mabigyan ng magandang buhay ang kanyang mag-ina.
   C. Hindi naibigay ni Mang George ang tunay na kailangan ng kanyang mag-ina, ang kanyang oras at panahon, sa kabila ng kanyang pagpupunyagi sa buhay.
   D. Naging bulagsak ang mag-ina ni Mang George kaya ito nagkasakit at namatay.

## SANGGUNIAN

Pinagyamang Pluma Wika at Pagbasa para sa Elementarya 6, Phoenix Publishing House, 2018, Emily V. Marasigan, Louie C. Tesalona at Alma M. Dayag
https://www.pinoynewbie.com/ano-ang-tekstong-argumentatibo/
https://www.remate.ph/katakot-takot-na-away-sa-bakuna-dapat-isantabi/

https://www.slideshare.net/RochelleNato/pagbuo-pag-uugnay-at-pagbubuod-ng-mga-ideya
DepEd Most Essential Learning Competecies

## SUSI SA PAGWAWASTO

**GAWAIN 1**

(Maaaring iba-iba ang sagot ng mga mag-aaral.)

**Buod:**

Sino ang Gumawa ng Takdang Aralin ni Venise

Si Venise ang tunay na gumawa ng kanyang takdang aralin at hindi ang manika. Nakakuha siya ng mataas na marka dahil sa kanyang pagsusumikap Maganda ang naging bunga ng manika kay Venise dahil kaya na niyang gawin ang mga gawain sa paaralan. Nagbago at naging modelong bata si Venise. Tularan natin si Venise na kayang magbago para sa ikabubuti ng sarili. Maging responsible tayong mag-aaral lalo na sa panahon ng pandemya.

**GAWAIN 2**

(Maaaring iba-iba ang sagot ng mga mag-aaral.)

**Dakilang Pagmamahal Nga Ba?**

Tunay na nagsumikap sa buhay si Mang George ngunit kailanman hindi maaaring pamalit ng pagmamahal ang pagnanais mo ng kalabisan sa karangyaan sa buhay. Para sa akin, hindi dakila ang pagmamahal ni Mang George sa kanyang pamilya dahil mas pinili pa niya ang ilang beses na promosyon at magkaroon ng malaking bahay.

**ASSESSMENT**

**UNANG PAGSUBOK**

(Maaaring iba-iba ang sagot ng mga mag-aaral.)

1. Aalamin ko pa lang
2. Aalamin ko pa lang
3. Aalamin ko pa lang
4. Aalamin ko pa lang
5. Aalamin ko pa lang

**BALIK-TANAW**

PAGBUBUOD
BALANGKAS
LOHIKAL
TEKSTO
LAGOM

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

1. C
2. D
3. D
4. A
5. C

**Gawing gabay sa gagawin ang sumusunod na pamantayan.**

| MGA PAMANTAYAN | PUNTOS | AKING PUNTOS |
|---|---|---|
| Nasagot nang tama ang lahat ng tanong | 5 | |
| Maayos ang daloy o pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa lagom o buod | 5 | |
| Nagagamit ang sariling pananalita sa pagbubuod | 5 | |
| **Kabuoang puntos** | **15** | |
| **5-Napakahusay**<br>**4-Mahusay**<br>**3-Katamtaman** | **2-Di gaanong mahusay**<br>**1-Sadyang Di mahusay** | |